Proyekto para sa Pagsasali o Engagement ng Komunidad
ng mga Immigrante at Refugee
Buod ng Ulat
Enero 2007

Ano ito:

Bilang bahagi ng Inisyatiba para sa Katarungang Panlipunan at Panglahi sa Lungsod ng Seattle (Race and Social Justice Initiative), gustong palakasin ni Mayor Greg Nickels ang paraan kung paanong ang pamahalaan ng Lungsod ay maglilingkod sa komunidad ng mga imigrante at refugee na naninirahan sa Seattle. Upang malaman ang marami pang mga bagay-bagay o alalahanin, pati na ang mga pangangailangan ng mga residente sa mga komunidad na ito, noong Mayo 2006 ay kinuha ng Lungsod si Bonnie Olson mula sa Emerging Design Consulting, pati na ang kanyang pangkat ng mga konsultant, upang magdisenyo at magpatupad ng isang proyekto para isali ang komunidad (community engagement project).

Gumamit ang mga konsultant ng mga panayam o interbyu sa mga grupo at indibidwal, upang makapangalap ng mga opinyon tungkol sa maraming nasasakupang paksa, kabilang na ang kasalukuyang kaalaman sa mga serbisyo ng Lungsod, mga paraan kung paanong pag-iigihin ang mga serbisyo ng Lungsod, at mga pangkalahatang isyu at hamon na nakapaloob sa mga tukoy na komunidad ng mga imigrante/refugee.

Pumili ang mga konsultant ng mga komunidad ng mga imigrante at refugee para sa proyekto, batay sa laki ng kanilang populasyon sa loob ng Seattle at/o sa maituturing na maiksing panahon lamang na pamamalagi nila sa Estados Unidos. Ang dibersidad o pagkakaiba-iba, at ang dami ng mga kasaling nakapanayam, ang siyang nakalikha ng mga pangunahing kaalamang mahalaga at makabuluhan, habang pinag-iigi ng Lungsod ang kanyang planong aksyon para sa mga imigrante at refugee.

- Asya at Pacific Islander (Vietnam, China, Cambodia, ang Pilipinas, at Samoa);
- Latino (Mexico, Honduras, Guatemala, Colombia, at El Salvador);
- East African (Ethiopia, Eritrea, Sudan, at Somalia); at
- Gitnang Silangan (Iraq at Jordan).

260 na tao ang naabot ng proyekto – ang 161 ay sa pamamagitan ng pakikipanayam, at 99 naman ang sa pamamagitan ng mga indibidwal na panayam. Ang mga miyembro ng komunidad sa pangkalahatan ay kumatawan sa dalawa sa ikatlong (2/3) bahagi ng mga kasali, at ang natitira pang mga kasali ay mga pinuno/bumubuhay o provider (halimbawa, mga imigrante at refugee na kaanib ng mga maliliit, bago pa lamang sumusulong na mga organisasyon, o nagtatrabaho sa larangan ng mga serbisyong pantao.)

Buod ng mga Pangunahing Kaalaman:
Ang ilan sa mga karaniwang tema, na nakatuon sa mga malalawak at pangkalahatang mga isyu (na kabaligtaran ng mga isyu na may tukoy na serbisyo), ay nagmula sa mga focus groups o mga grupong may mga tukoy na pinagtutuunan ng pansin, at mula sa mga indibidwal na pakikipanayam. Kabilang sa mga pangunahing napag-alaman ang:

- ***Nalilimitahan ng wika at kultura ang akses sa mga serbisyo at sibikong pakikilahok, at pinapabagal nito ang pag-akma o pagtanggap sa kultura***

  Inisa-isa ng mga imigrante at refugee ang ilang mga problema o mga hamon na may kaugnayan sa mga hadlang na may kinalaman sa wika:

  - Maaaring hindi nila malaman kung aling mga serbisyo ang mayroon sa kasalukuyan, sapagkat walang impormasyon tungkol sa mga serbisyo na nasa kanilang wika, o kung mayroon man, hindi maganda ang kalidad ng pagkasaling-wika at/o interpretasyon o pagbibigay-kahulugan.
  - Ang mga form at mga proseso tungkol sa mga serbisyo ay hindi nababatid, masalimuot, at/o mahirap hanapin. Kasunod nito, maraming mga imigrante ang naniniwala na ang naturang tulong ay pinakamahusay na maipagkakaloob ng isang kawaning bilinggwal o may pangalawang wika/may pangalawang kultura o bicultural, mula sa mga ahensiya at/o mga tauhan o liaison ng komunidad, sapagkat nalalaman ng mga indibidwal na ito ang kanilang wika at kultura.

  Inisa-isa din ng mga imigrante at refugee ang ilang mga problema o hamon na may kaugnayan sa mga hadlang na may kinalaman sa kultura:

  - May malawakang kagustuhan para sa edukasyon at pagsasanay tungkol sa maraming mga sistema at proseso sa Estados Unidos, gaya ng sa mga pampublikong paaralan, edukasyon para sa mga nasa hustong gulang na, pagka-empleyo, at tungkol sa pamahalaan at pulitika. Kung wala ang ganitong naturang suporta, nahihirapan ang marami sa pakikisama o pag-akma o pagtanggap sa kultura ng Amerikano.
  - Naghahanap ang mga imigrante at refugee ng mga serbisyo at programang sumasalamin sa kanilang mga pinahahalagahang kultura at perspektibo o mga pananaw, na nakakatulong sa kanila sa pagpapanatili ng pagkakaisa ng kanilang pamilya. Halimbawa, ang ilan sa mga programa sa mga parke ay naglilingkod sa mga grupo na may tukoy na edad, nguni't hindi naman nakapaglilingkod sa pamilya sa kabuuan nito.
  - Naniniwala ang mga miyembro ng komunidad na ang mga pangunahing nagpapatakbong organisasyon ay kulang sa "kakayanan sa kultura" o "cultural competence" sapagkat, sa isang banda, kung minsan ay wala silang tauhan o kawani na nagsasalita ng wika o nakakaintindi ng kultura ng mga tao na sumusubok na makakuha o magkaroon ng akses sa mga serbisyo at programa ng organisasyon.

- ***Ang mga imigrante at refugee ay naghahanap ng iba pang mas malalaking paglalagyan ng kapital o investment sa kanilang mga ari-arian sa komunidad***
  Gusto ng mga organisasyon na nagkakaloob ng mga serbisyo sa mga komunidad ng mga imigrante at refugee nang mas maraming paglalagyan ng kapital o investment, sa labas ng kanilang mga pangunahing organisasyon o mga ugat ng kanilang mga organisasyon. Naniniwala ang mga miyembro ng mga komunidad na ang mga organisasyong ito ang pinakamahusay na makapagtutukoy ng kanilang mga pangangailangan, at pagkatapos, ito

ay makapagdidisenyo at makapagbibigay o makapagdedeliber ng mga naaangkop na serbisyo. Ganunpaman, maraming mga matatatag na ahensiya, lalong-lalo na sa larangan ng serbisyong pantao, ang nahihirapan na makipagsabayan o makipagkumpetisyon sa mga mas malalaki, mas matatatag na ahensiya, sapagkat ang mga nagkakaloob nito o mga provider ay kailangang magkumpleto pa ng napakaraming papeles. Gusto ng mga organisasyon na naglilingkod sa mga komunidad ng imigrante at refugee na pasimplehin ng Lungsod ang proseso nito ng pag-aaplay o pagpapatala, bawasan ang dami ng mga papeles, at isaalang-alang ang kaalaman ng komunidad, tiwala, at mga kaugnayan o relasyon, kapag nagkakaloob ng pera.

- ***Malugod na tinatanggap ng mga komunidad ng imigrante at refugee ang mas maraming interaksyon o pakikisalamuha sa mga opisyal ng Lungsod***
  Gusto ng mga kasali ang mas malapit o mas nakatuong pag-aabot ng kamay sa komunidad at pagsali ng mga opisyal ng Lungsod, at ito ang sinasabi nilang pormula: bigyan ng kaalaman, bigyan ng edukasyon, bigyan ng imbitasyong maging kasali, pahintulutan ang mga desisyon at boto ng komunidad, at magtrabahong kasama ng mga kinatawang itinalaga ng komunidad. Hinihikayat nila ang mga opisyal ng lungsod na alamin ang tungkol sa mga pangangailanagan ng komunidad, at magtanong nang tungkol sa kung ano ang maaari at kung ano ang hindi maaari.
- ***Nagkakaiba-iba ang mga karanasan sa pagtatasa ng mga serbisyo sa Lungsod***
  Kabilang sa mga pinakamalimit banggiting serbisyo ng Lungsod na ginagamit ng mga imigrante at refugee ang mga parke, aklatan, utilities (tubig/kuryente/telepono), at mga serbisyo ng pulisya at bumbero. Ang kalidad ng isang karanasan ay nakabatay sa akses. Halimbawa, positibo ang pagtingin ng mga Latino sa mga parke, pulisya at bumbero sapagkat ang kanilang mga serbisyo ay bukas para sa lahat. Pero, ang mga serbisyong may kinalaman sa mga paradahan at aklatan ay ipinapalagay na mas hindi kalugod-lugod sapagkat hindi naiintindihan ng ilang mga imigrante at refugee ang impormasyong nakalaan, kulang ng mga resources o mapagkukunan ng kaalaman, at/o hindi sila makahingi ng tulong sa sarili nilang wika.

- ***Ang pagpapalakas ng mga isyung may kinalaman sa koordinasyon sa paligid ng mga imigrante at refugee ay makapagpapabuti ng akses***
  Gusto ng mga kasali na ang mga departamento ng Lungsod ay magkaroon ng mas magandang pakikipag-ugnayan sa paraan ng kanilang paglilingkod sa komunidad ng mga imigrante at refugee. Maaaring ibilang sa isang pinag-iging koordinasyon ang isang punto o lugar sa Lungsod kung saan makakakontak. Sinusuportahan din ng mga kasali ang ideya na magkaroon ng isang grupoong tagapayo o advisory group, at iminumungkahi nila na ang kanilang mga miyembro ay piliin ng komunidad.

Dagdag pa sa mga maraming alalahaning ito, nadiskubre sa proyektong pagsasali ng komunidad o community engagement ang ilang mga kailangang serbisyo na hindi pa naipagkakaloob sa mga tukoy na populasyon (bagama't may ilang mga nagkapatong-patong):

Mga imigrante at refugee na Latino:

- pangangalagang pangmedikal/pangkalusugan
- mga trabaho/pagsasanay
- English bilang ikalawang wika
- pangangalaga sa bata
- edukasyon
- proteksyon ng mga karapatang sibil
- imigrasyon/mga serbisyong legal

Mga imigrante at refugee na Aprikcano:

- pabahay
- mga trabaho/pagsasanay
- mga aktibidad para sa mga kabataan pagkatapos mag- eskuwela, ayon sa pangangailangan

Mga imigrante at refugee na mula sa Asya at mga Pacific Islander

- mga serbisyong naaangkop sa kultura
- mga trabaho/pagsasanay
- pabahay
- tulong sa pagbabayad ng utilities (tubig/kuryente/telepono)
- mga serbisyong legal

Mga imigrante at refugee na mula sa Gitnang Silangan:

- edukasyon para sa mga nasa hustong gulang na
- tulong-pinansiyal
- mga trabaho
- English bilang ikalawang wika
- transportasyon
- proteksyon ng mga karapatang sibil
- pangangalagang pangkalusugan

Mga Sunod na Hakbang:

Ang mga tauhan o kawani ng Lungsod ay nagdedebelop o lumilikha ng isang planong aksyon para sa mga imigrante at refugee. Sa pangkalahatan, sinusuportahan ng mga resulta mula sa mga pakikipanayam tungkol sa pagsasali ng komunidad o community engagement ang direksyon o patutunguhan ng balangkas ng planong aksyon, at naghahain ng ilang mga isyu para maisaalang-alang. Kapag nakumpleto na, iisa-isahin ng plano ang mga tukoy na aksyon para sa Lungsod na dapat ipatupad, upang mapatatag ang paraan kung paano itong makapaglilingkod sa komunidad ng imigrante at refugee. Sa kasalukuyan, ang plano ay may mga seksyon o bahaging humaharap sa akses sa mga serbisyo, lakas ng mga manggagawa at pag-unlad ng ekonomiya, proteksyon ng mga karapatang sibil, at pagkakaloob ng mga serbisyong panlipunan para sa mga kabataan, mga matatanda at mga kababaihan. Inaasahan ng mga tauhan o kawani ng Lungsod na makukumpleto ang rebisyon o pagbabago ng planong aksyon sa Marso 2007.